

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Hinirang ng Lungsod ng Brampton ang Interim Chief Administrative Officer

BRAMPTON, ON (Pebrero 11, 2022) – Sa pagpupulong nito noong Pebrero 11, pinasyahan ng Konseho ng Lungsod na habang ang organisasyon ay gumagawa ng kasunod na mga hakbang tungo sa pagsuporta sa pagbangon ng komunidad mula sa COVID-19 at inilatag ang pundasyon para sa mas malakas, mas sustenableng hinaharap, magkaisang hinirang ng Konseho si Paul Morrison bilang pansamantalang CAO. Nariryan ang mga plano na punan ang tungkuling ito nang permanente sa lalong madaling panahon.

Hinawakan ni Paul ang mga tungkulin ng pagiging lider sa Lungsod bilang Direktor ng Bylaw & Enforcement and Acting Legislative Services Commissioner, at isang dating Superintendente sa Hamilton Police Service. Si Paul ay naging isang matatag na kamay sa pangunguna sa Bylaw team sa panahon ng nakakahamon na yugto ng COVID-19.

Nagpapasalamat ang ating Konseho at kinikilala si David Barrick habang aabante siya sa mga bagong oportunidad, para sa kanyang mga ambag sa ating organisasyon at sa komunidad, kabilang ang ranking kamakailan bilang isa sa Pinaka-magagandang Komunidad 2021 sa Canada ng Macleans, at isa sa Pinaka-mabubuting Employer 2021 sa Canada, bukod pa sa kanyang walang kapagod-pagod na mga pagsisikap sa pangunguna sa tugon sa pandemya ng Lungsod.

Inaasahan ng Lungsod ng Brampton ang pagbuo nitong mahalagang trabaho ng Mga Prayoridad sa Termino ng Konseho, habang pinapanatili ang pokus sa kung ano ang pinaka-mahalaga sa komunidad.

Mga Quote

“Sa isang mosyon na pinanukala ko at sinegundahan ng lahat ng Konseho, magkaisa naming pinili si Paul Morrison na gabayan ang Lungsod ng Brampton habang dinadaan ang COVID-19 at sa pagbangon ng ating ekonomiya. Ang kanyang karanasan sa Legislative Services, Bylaw & Enforcement, at pagiging pulis ang dahilan ng kanyang pagiging katangi-tanging kwalipikado na maging pansamantalang Chief Administrative Officer ng ating Konseho. May lubos tayong tiwala kay Paul.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca